




(imageless edition)

- Tessa Welch
- Wiehan de Jager
- Arlene Avila
- Tagalog / French
- Level 3



Si Nozibele at ang Talong Hibla ng Buhok  
Nozibele et les trois cheveux



# Storybooks Canada

[storybookscanada.ca](http://storybookscanada.ca)

Si Nozibele at ang Talong Hibla ng Buhok  
/ Nozibele et les trois cheveux

Written by: Tessa Welch

Illustrated by: Wiehan de Jager

Translated by: (tl) Arlene Avila, (fr) Alexandra

Danahy

This story originates from the African Storybook  
([africanstorybook.org](http://africanstorybook.org)) and is brought to you by  
Storybooks Canada in an effort to provide  
children's stories in Canada's many languages.



This work is licensed under a Creative Commons

[Attribution 3.0 International license.](https://creativecommons.org/licenses/by/3.0)

<https://creativecommons.org/licenses/by/3.0>



Noong unang panahon, may tatlong batang babae na naghanap ng panggatong.

...

Il y a longtemps, trois filles sont sorties pour aller chercher du bois.



Pinawisan sila dahil sa init ng araw kaya naisipan nilang  
pagtampisaw at paglangoy.

...

C'était une journée très chaude, alors elles sont  
descendues à la rivière pour nager. Elles ont joué,  
éclaboussé et nagé dans l'eau.



Saka lang naisip ng aso. Naisahan siya. Tumakbo siya  
papunta sa nayon. Pero naghihintay sa kanya ang  
talong kapatid na lalaki ni Nozibele. May dala silang  
malalaking patpat kaya tumakas ang aso at hindi na uli  
nagpakita kailanman.

...

Ainsi le chien sut que Nozibele l'avait trompé. Il courut et  
courut jusqu'au village. Mais les frères de Nozibele  
l'attendaient avec des gros bâtons. Le chien vira de bord  
et s'enfuit et il n'a pas été vu depuis.



Bigla nilang naalala na malapit na gumabi. Kaya dali-dali silang bumalik sa nayon.

...

Soudainement, elles se sont rendues compte qu'il était tard. Elles se sont dépêchées pour rentrer au village.



Pagbalik ng aso, hinanap niya si Nozibele. "Asan ka, Nozibele?" "Andito ako sa ilalim ng kama," sabi ng unag hibla. "Andito ako sa likod ng pinto," sabi ng ikalawa. "Andito ako sa kural," sabi ng ikatlo.

...

Quand le chien revient, il chercha Nozibele. « Nozibele, où es-tu ? » il cria. « Je suis ici, sous le lit, » dit le premier cheveu. « Je suis ici, derrière la porte, » dit le deuxième cheveu. « Je suis ici, dans le kraal, » dit le troisième cheveu.



Nung malapit na sila makarating sa bahay, kinapa ni Nozibele ang leeg niya. Naiwan pala niya sa may ilog ang kuwintas! "Samahan ninyo ako! Balik tayo dun!" nagmakaawa siya. Pero hindi pumayag ang mga kaibigan dahil malapit na gumabi.

...

Mais quand elles étaient presque rendues chez elles, Nozibele mit sa main sur son cou. Elle avait oublié son collier ! « S'il vous plaît, retourner avec moi ! » elle supplia ses amies. Mais ses amies lui dirent que c'était trop tard.



Pagkaalis ng aso, bumunot si Nozibele ng talong hibla ng buhok sa kanyang ulo. Nilagay niya ang sa ilalim ng kama, isa sa likod ng pinto at isa sa kural. Saka siya kumaripas ng takbo pauwi.

...

Aussitôt que le chien fut parti, Nozibele prit trois cheveux de sa tête. Elle en mit un sous le lit, un derrière la porte et un dans le kraal. Puis elle rentra chez elle en courant aussi vite qu'elle pouvait.



Mag-isang bumalik si Nozibele sa ilog. Nakita niya ang kuwintas at agad bumalik pauwi. Pero naabutan siya ng dilim at nawala siya dahil di nya makita ang daan.

...

Ainsi Nozibele retourna à la rivière toute seule. Elle trouva son collier et se dépêcha pour rentrer chez elle. Mais elle se perdit dans le noir.



Araw-araw, nagluluto, naglilinis at naglalaba si Nozibele para sa aso. "Sasaglit lang ako sa mga kaibigan ko. Pagbalik ko, dapat tapos ka na maglinis, magluto at maglaba."

...

Chaque jour, elle devait cuisiner et balayer et laver pour le chien. Puis un jour le chien dit, « Nozibele, aujourd'hui je dois rendre visite à des amis. Balaye la maison, fais à manger et lave mes choses avant que je revienne. »



Sa di kalayuan, may nakita siyang ilaw sa isang bahay. Nilapitan niya ang kubo at kumatok sa pinto.

...

Au loin elle vit de la lumière qui venait d'une cabane. Elle se hâta vers la cabane et cogna à la porte.



"Ayusin mo ang kama ko!" utos ng aso. "Hindi ko alam kung paano ayusin ang kama para sa isang aso," sagot ni Nozibele. "Kung ayaw mong ayusin ang kama ko, kakagatin kita!" banta ng aso. Kaya inayos ni Nozibele ang kama nito.

...

Ensuite, le chien dit, « Fais le lit pour moi ! » Nozibele répondit, « Je n'ai jamais fait de lit pour un chien. » « Fais le lit, sinon je te mords ! » dit le chien. Donc, Nozibele fit le lit.



Bumukas ang pinto at nagulat siya sa nakita. Isang asong nagsasalita! “Anong kailangan mo?” “Nawawala ako at kailangan ko ng matutuluyan,” sagot ni Nozibele. “Tuloy ka at baka kita kagatin!” sabi ng aso, kaya pumasok si Nozibele.

...

À sa surprise, un chien ouvra la porte et dit, « Qu’est-ce que tu veux ? » « Je suis perdue et j’ai besoin d’un endroit pour dormir, » dit Nozibele. « Rentre, sinon je te mords ! » dit le chien. Alors, Nozibele rentra.



“Ipagluto mo ako!” utos ng aso. “Hindi ako marunong magluto,” sagot ni Nozibele. “Kung hindi ka magluluto, kakagatin kita!” Kaya nagluto si Nozibele ng makakain ng aso.

...

Puis le chien dit, « Fais-moi à manger ! » « Mais je n’ai jamais cuisiné pour un chien auparavant, » elle répondit. « Cuisine, sinon je te mords ! » dit le chien. Donc, Nozibele prépara de la nourriture pour le chien.